

Lunes, Ika-8 ng Pebrero 2021

Tagalog | Filipino

## Mga bagong tinasang halaga ng lupa para sa NSW

Ang NSW Valuer General, si Dr David Parker, ay nakapagkumpleto na ng mga halaga ng lupa para sa bawat parselang lupa sa buong NSW. Ang mga halaga ng lupa ay sumasalamin lamang sa halaga ng lupa, mula ika-1 Hulyo ng 2020.

Sinabi ni Dr Parker na ang mga bentahan ng propyedad ang pinakamahalagang dahilan na isinasaalang-alang ng mga valuer (tagapagtasang halaga) kapag nagpapasya ng mga halaga ng lupa.

"Ang 2020 ay isang mahirap na taon sa pagpapasya ng mga halaga ng lupa makaraan ang nakatatakot na mga bushfire noong nakalipas na tag-araw, na sinundan ng mga epekto ng COVID-19," sinabi ni Dr Parker.

"Ang aking opisina ay nagsagawa ng hiwalay na mga pag-aaral ng epekto ng mga bushfire at COVID-19 sa mga propyedad na ibinebenta. Ang aming mga valuer ay naglapat ng mga natuklasan sa mga pag-aaral na ito sa mga apektadong mga pook at mga uri ng propyedad kung saan walang sapat na bentahang makukuha upang pagpasyahan ang mga halaga ng lupa. Ang mga pag-aaral na ito ay makikita sa <https://www.valuergeneral.nsw.gov.au/publications/reports>."

Ang Valuer General NSW ay nagtatag ng isang nakatalagang pantulong na linya (ng telepono) para sa mga may-ari ng lupa na naapektuhan ng mga bushfire noong 2019-20, o naniniwala na ang halaga ng kanilang lupa ay naapektuhan ng COVID-19. Ang naapektuhang mga may-ari ng lupa ay hinihikayat na tumawag sa 1800 458 884.

Ang mga halaga ng lupa ay tinasa ng mga independiyenteng kontratistang valuer batay sa halaga ng lupa noong ika-1 ng Hulyo 2020 matapos suriin ang mahigit 48,000 na bentahan sa buong estado. Pagkatapos, ang kalidad ng mga halaga ay tiniyak ng mga valuer mula sa Valuer General NSW.

Sa kalahatan, ang mga halaga ng lupa sa buong NSW ay tumaas ng 3% mula \$1.74 trilyon hanggang \$1.8 trilyon sa 12 buwan hanggang ika-1 ng Hulyo 2020.

Ang mga halaga ng lupang pang-residensyal sa buong estado ay tumaas ng 4% sa kalahatan mula \$1.35 trilyon hanggang \$1.4 trilyon. Ang pinakamalaking pagtaas sa mga halagang pang-residensyal ay nangyari sa South East Regional NSW, Sydney Central at Sydney North West na mga Rehiyon kung saan ang pangkalahatang halaga ay tumaas ng 7%.

Ang halaga ng lupang pang-komersiyong ay bumaba ng 7% sa kalahatan, na ang dahilan higit sa lahat ay ang epekto ng pandemyang COVID-19. Ang pinakamalaking epekto ay sa mga lugar ng Sydney metropolitan, habang may mas limitadong epekto mula sa COVID-19 sa mga pangrehiyong lokasyon.

Ang merkadong pang-industriya ay nanatiling matatag na may mga halaga ng lupa na tumataas ng 5.5% sa kalahatan sa buong estado. Ang mga pinakalamaking pagtaas ay sa City of Sydney kung saan ang mga halaga ay tumaas ng 16.9% dahil sa umuunang suplay at lumaking pangangailangan sa mga sektor ng logistics at e-commerce.

Sa kalahatan, ang mga halaga ng lupa sa rural na pook ay tumaas ng 4.8% na ang pangunahing tagasulong ay ang patuloy na katatagan ng mga presyo ng mga kalakal, limitadong suplay at patuloy na pangangailangan para sa mahusay na kalidad ng mga lupa para sa pagsasaka, magkahalong pagsasaka at pastulan.

Gagamitin ng Revenue NSW ang mga halaga ng lupa noong ika-1 ng Hulyo 2020 upang kalkulahin ang buwis sa lupa para sa 2021 na taon ng pagbubuwis sa lupa. Ang mga kliyenteng nakarehistro sa pagbubuwis ng lupa ay tatanggap ng land tax assessment (pagtasa ng buwis sa lupa) mula sa Revenue NSW simula sa huling mga araw ng Enero 2021. Mababasa ng publiko ang karagdagang impormasyon tungkol sa buwis sa lupa sa <https://www.revenue.nsw.gov.au/>

Hinihikayat ni Dr Parker ang publiko na bisitahin ang <https://www.valuergeneral.nsw.gov.au> o tumawag sa 1800 110 038 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga halaga ng lupa at sistema ng pagtatasa ng halaga.

"Ang pinakabagong mga halaga ng lupa para sa lahat ng propyedad sa NSW ay mababasa sa aming website kasama ang impormasyon tungkol sa mga kalakaran (trends), mga median at tipikal na mga halaga ng lupa para sa bawat pook ng lokal na pamahalaan," sinabi ni Dr Parker.